

1

“Ready na ba kayo?” ani Bree sa dalawang kasama. Kasalukuyan nilang inaayos ang gamit sa gilid ng pinto. Nagtipon sila sa tapat ng pinto ng suite 1504 sa *Mandarin Oriental Hotel*.

Tumayo si Jessica at hinarap siya. “Ready na,” anito habang itinatali ang red bikini top. Nakasuot ito ng maikling maong shorts. Nakatahi sa puwit niyon ang pulang buntot. Sa ulo nito, naroon ang pulang headband na may dalawang sungay. Demonyita ito.

Pati mukha nito ay may elaborate face makeup. May apoy na lumalabas mula sa pisngi nito patungong mata. At iyon ay may lash extensions. Palibhasa kasi, magaling ang kamay nito. Ginagamit nila ang makeup para maikubli ng kanilang mga mukha.

Kinalabit niya si Karen, na inaayos ang backpack sa sahih. “Huy, dali. Mag-te-ten na.”

“Saglit na lang, Brianna,” sagot nito. “Inaayos ko lang ang makeup kit ko at baka matapon lahat at madumihan ‘yung loob ng bag ko.” Katerno nito si Jessica.

She tapped her foot impatiently. Kanina pa siya handa. And to think siya ang may pinakamaraming saplot. In contrast, she was all white, mula triangle bikini top at puting sedang miniskirt. Pati sedang gloves at belo sa ulo ay puti.

She was a ‘bride’, na ang gown ay kapos sa tela. Wala siyang real-life groom dahil zero ang love life niya. Kaya siya nakasuot ng ganoong costume dahil parte iyon ng part-time racket niya—ang sumayaw sa bachelor’s parties.

Pero *sayaw* lang.

At inililinaw niya iyon sa lahat ng nakakausap. Walang hanky-panky. They can look all they want. Kahit magkandaduling at magkakuliti sa kakatitig sa kanyang dibdib. They can scream all the profanities and vulgar words they liked. Basta hindi siya puwedeng hawakan.

Never.

Ever.

Mahirap siya at kapos sa pera kaya niya ginagawa iyon. But she would not have sex with anyone just for money. Hard to believe, pero virgin pa siya at the age of twenty. Ni wala pa siyang boyfriend dahil mataas masyado ang standards niya. Ang gusto niya sa isang lalaki ay mabait, guwapo, matangkad at higit sa lahat, mayaman.

Hindi naman sa mukhang pera si Brianna, pero gusto niyang maiahon ang pamilya sa kahirapan kaya kailangan ay may-kaya ang lalaking magiging nobyo niya. Alam niyang ambisyosa at imposibleng magkagusto sa kanya ang edukadong mayaman. Dahil bukod sa mahirap, high school graduate lang siya at hindi magaling mag-English.

At sa sirkulong ginagalawan, malabong makasalamuha niya ang isang lalaking ganoon ang classification. She usually ran into these kinds of men sa mga raket niya. And on those occasions, they were usually drunk or with a hidden agenda. Iyong naghahanap ng panandaliang-aliw.

Kaya lang, turn-off iyon sa kanya, kahit pa limpak-limpak na salapi ang involved. Hindi naman siya isang droga para bilihin at magbigay ng temporary high. Siyempre, natatakot din siyang mabuntis. At takot din siya sa sexually-transmitted diseases.

Ang hinahanap ni Bree ay isang lalaking rerespetuhin siya. Bukod pa roon, gusto niya iyong mamahalin siya nang buong-buo, kahit ano pa siya, at kung ano pa ang pinanggalingan niya.

Buhay kaya ang ideal man niya?

Alam niyang mataas ang kanyang standards, at alam niyang dadaan siya sa butas ng karayom para mahanap ang kanyang one true love. Minsan na nga lang mangangarap, itotodo-todo na niya. She will not settle for anything less. Dahil alam niyang mahirap ang hinihingi niya sa langit, ang attitude na lang niya ay ganito—kung dumating, mabuti at kung hindi, patuloy ang pagtatrabaho.

Kailangan niyang tulungan ang ina at kapatid. Kahit ano, basta disenteng trabaho, pinapatulan niya. Hindi pihikan, basta wala lang kalakip na bentahan ng laman.

Hirap siyang makahanap ng trabahong mataas ang kita.

Matindi ng kompetensya sa hirap ng panahon. Ultimo saleslady, gusto ng ibang kompanya may kaunting units pa sa kolehiyo. Unfortunately, the only thing she has going for her is her height, her body and her boobs.

Aminado siya roon.

Iyon ang matindi niyang assets.

Sa departamento ng mukha, tanggap ni Bree na hindi siya drop-dead gorgeous tulad ng mga mestiza o chinita. Pero hindi naman siya pangit. Filipina ang beauty niya; morena siya at presentable ang mukha.

Naramdaman ni Bree na may humawak sa tagiliran ng kanyang labi. Iyon ang nagbalik sa kanya sa kasalukuyan. “Ano’ng ginagawa mo?”

“Lampas ang lipstick mo,” ani Jennie. “Inaayos ko lang.”

“Ay, oo nga pala,” biglang naalala niya. “Oca, naayos mo na ba ang ang music?” tanong niya sa lalaking kasama na nananahimik sa isang sulok. Pinanonood lang sila nito at hindi nagkokomento hanggang kausapin. Palibhasa, sadya itong tahimik, na total opposite ng girlfriend nitong si Jessica. “Na-cue mo na?”

Tumango ito at binigyan pa siya ng isang thumb-up sign bilang sagot. He really was a man of few words.

“Thank you,” balik niya.

Si Oca ang taga-play nila ng musika sa portable boombox na bitbit. Bukod sa pseudo DJ, ito na rin ang bodyguard. Kaya hindi sila kabado dahil sa presence nito. Hindi ito katangkaran, pero malaki ang katawan dahil isa itong personal trainer sa gym.

“Dali na kasi, Karen,” ulit niya. “Usapan namin ni Mr. Chiz Gonzales, kakatok ako at ten. Pinagtugma pa namin ‘yung mga relo namin dahil ayaw niya ng late. Ang yabang pa ng ungas na ‘yon, pero kuripot. Aba, tumatawad pa, eh, ang mura-mura na nga ng singil ko sa kanya.”

Brianna had the most unpleasant time dealing with that short and fat man. Karaniwan, tatlong kanta ang sinasayaw nila. Pero ubod ito ng kuripot, at ang napagkasunduan nila ay isang kanta lang. Kuripot pero mayabang. Halos liparin siya nang magkita sila para kunin ang downpayment.

Cellphone number niya ang nakalagay sa flyers. At kilala siya bilang Lady Love. Siya ang nakikipag-usap at nagsasabi ng mga patakaran. Una roon ang bawal manghipo. Pangalawa, sixty percent ang downpayment at ang balanse ay payable matapos ang sayaw. Ang pangatlong issue ay ang tungkol sa costume at musika.

Siya ang umaareglo niyon. At talagang nililinaw niya na no-strings attached. Minsan, nambabastos ang ibang lalaki lalo na’t nakainom, pero never pa naman silang natsansingan. Sa lahat ng bachelor’s party, may dalawa o tatlong lalaki ay hindi lasing, at kabilang doon ang groom.

“Ready na ako,” sabi ni Karen. She stood up and smoothened the imaginary creases on her denim shorts. Nang tumingala ito, may napansin sa kanya. “Hoy, Brianna! Ikaw na nagmamadali, nakalimutan mo na ang maskara mo.”

Lumipad ang kamay niya sa mata. Wala nga ito. Siya itong nagmamadali, siya pa pala itong kulang. “Salamat.” Isinuot niya ang maskara na yari sa puting balahibo. Ang gusto ng party host ay ideyang angel bride at demons.

“Ayos na,” sabi ni Jessica.

“Oh, ready na lahat, ha,” paniniguro niyang muli.

Tumango ang dalawang babae at pumosisyon sa harapan niya. Dahil mas matangkad siya, hindi siya masyadong naikubli ng mga ito. Pero, at least, natatakpan ang katawan niya. Sa gayon, makapag-grand entrance siya.

Kumatok siya ng limang beses, senyales na handa na. Pinindot ni Oca ang play button ng portable boombox, at tumugtog ang instrumental music na pinili ni Mr. Chiz Gonzales. The door opened slowly, at narinig ni Brianna ang pamilyar na hiyawan ng mga lalaking parang bagong kawala sa hawla.

Noong una niyang ginawa iyon, iyak siya nang iyak. That was two years ago. She had just turned eighteen. Pero ngayon, nasanay na siya sa tunog niyon. Pasok sa kabilang tainga, labas sa kabila. Hindi na niya pinepersonal, trabaho lang.

Miss Matched - Hannah Wabe

It only becomes personal kapag may nagtatangkang manghipo. Pero hindi na siya natatakot dahil alam na niya ang gagawin. It had happened in the past, at sinapak niya ang lalaki. Never mind if it was a room full of men. Naroon si Oca na madaling nakatawag ng security. At sa lakas ng pagtili niya, naglabasan ang mga tao sa karatig na silid. Ang mga lalaki pa ang napahiya.

Kaya ngayon, wala siyang takot. She never feared for her safety. Marunong siyang umalma. Mas natatakot pa siya na kasalanan sa langit ang ginagawa niya. Pero ang konswelo de-bobo, at least, hindi siya nagpapagalaw. Umaasa siyang naiintindihan Nito iyon.

Lumutang sa ere ang mga unang linya ng kantang inensayo nila...

I've heard people say that

Too much of anything is not good for you, baby

Oh no

But I don't know about that

There are many times that we've loved

We've shared love and made love

It doesn't seem to me like it's enough

Miss Matched - Hannah Wabe

There's just not enough of it

There's just not enough

Oh oh, babe

Baduy talaga, naisip ni Brianna. Hindi bagay sa okasyon. Pero wala silang choice dahil iyon ang napili ni Chiz. Sila naman ay tagasunod at tagayugyog lamang. She took a deep breath and started to gyrate her hands to the music. "It's showtime!"